



Tulong sa Mamimili ng Bahay

Para sa mga Sambahayan na naapektuhan ng mga
Wildfire sa California noong 2017

Hanggang

\$350,000

Bumili ng Bahay sa Labas ng mga Sonang Mataas o Napakataas ang Dalas ng Sunog

Sinusuportahan ng Programang Pantulong sa Mamimili ng Bahay ng ReCoverCA ang mga sambahayang mababa at katamtaman ang kita na bumibili ng mga tahanan sa California, partikular sa labas ng mga sonang mataas o napakataas ang dalas ng sunog, sa pamamagitan ng pag-aalok ng **hanggang \$350,000 na tulong**. Ang tulong pinansyal na ito ay nakatutulong sa pagtulay ng agwat sa pagitan ng kung ano ang kayang bayaran ng isang sambahayan sa mga pagbabayad ng mortgage at ang aktuwal na halaga ng pagbili ng bahay. Ang tulong ay **ganap na pinatatawad pagkatapos ng limang taon***, hindi kailangang unang pagkakataong bibili ng bahay at may perpektong kredito upang maging kwalipikado.

Mga Kwalipikadong Lugar

Maaari kang maging kwalipikado kung ang iyong pangunahing tirahan noong 2017 (pag-aari o inuupahan) ay nasa Sonang Mataas o Napakataas ang Dalas ng Sunog sa loob ng mga kwalipikadong lugar na nakalista sa ibaba.

2017 Kwalipikadong Mga County:

- County ng Sonoma
- County ng Ventura

2017 Kwalipikadong Mga Zip Code:

- 95470 (Mendocino County)
- 95901 (Yuba County)
- 94558 (Napa County)
- 95422 (Lake County)
- 93108 (Santa Barbara County)

Kwalipikasyon ng Aplikante

- Ang mga limitasyon sa kita ng sambahayan ay dapat nasa mababa hanggang sa katamtamang kita, (80% ng median na kita ng lugar).
- Marka ng Kredito na 640 o mas mataas.
- Pinakamataas na ratio ng Utang-sa-Kita 45%.
- Dapat kumpletuhin ang 8-oras na kursong Online na Edukasyon sa Mamimili ng Bahay.
- Dapat bumili sa California sa labas ng Sonang Mataas o Napakataas ang Dalas ng Sunog.

Magsimula Ngayon!



<https://qrco.de/bfAPP1>



ReCoverCA
California

GOLDEN STATE
Finance Authority*

* Ang flyer na ito, na naglalaman ng pangkalahatang impormasyon ng programa, ay hindi isang alok para sa pagpapalawig ng kredito o isang pangako na magpapahiram at maaaring magbago nang walang abiso. Ang mga kumpletong patakaran ng programa, mga aplikasyon sa pautang, mga rate ng interes at mga taunang rate ng porsyento (mga APR) ay makukuha sa pamamagitan ng mga ReCoverCA HBA Lender. Ang Programang Pantulong sa Mamimili ng Bahay ng ReCoverCA ay ibinibigay ng California Department of Housing and Community Development, na ginawang posible sa pamamagitan ng Community Development Block Grant – Disaster Recovery grant mula sa HUD, at pinamamahalaan ng Golden State Finance Authority (GSFA), isang pampublikong entidad at ahensya.

Copyright © 2026

HBA02

01/23/2026